

Sekai wa Hitotsu

Inilathala ng Gifu International Center (GIC)
International Exchange at Multicultural Magazine
GIFU INTERNATIONAL CENTER



2021 Pebrero No.149

© 岐阜県 清流の国ぎふ・ミナモト # 0195

『Ang Site Ng Suporta Ng Gifu Sa Pag-aaral Ng Wikang Hapon』 ay binuksan!

Wika: ふりがな 日本語 English 中文 Português Tagalog Tiếng việt

Site ng Suporta ng Gifu sa Pag-aaral ng Wikang Hapon

Sinusuportahan ng Gifu International Center (kilala bilang GIC), ang mga dayuhan na makapag-aral ng wikang Hapon. Maghanap ng silid-aralan ng wikang Hapon na malapit sa inyo!

Let's enjoy Japanese!

Maghanap ng Silid-aralan ng Wikang Hapon

Listahan nang mga silid-aralan ayon sa lugar | Maghanap mula sa mapa

Munisipalidad: Antas (level): Araw / Oras:

Gifu >	Hashima >	Kakamigahara >	Mizuho >
Ogaki >	Kaizu >	Yoro >	Seki >
Minokamo >	Kani >	Sakahogi >	Shirakawa >
Tajimi >	Toki >	Nakatsugawa >	Ena >
Takayama >	Hida >	Gujo >	

Maghanap mula sa keyword

Libre ang matrikula
 Pag-aaral na naka-grupo
 Pinapayagang kasama ang mga sanggol

Silid-aralang istilo
 May libreng paradahan ng sasakyan
 Patnubay para sa mga bata

One-on-one na pagtuturo
 Malapit sa istasyon ng tren
 Preparasyon para sa JLPT (Japanese Language Proficiency Test)

Maghanap ayon sa mga napiling betayan

Dahil ang ilang mga dayuhan na naninirahan sa Japan ay hindi masyado ang kaalaman sa wikang Hapon, marami ang nakakaramdam na nahihirapan sa trabaho man o pamumuhay sa paaralan. Kaya alang-alang sa kanila, ay may mga silid-aralan ng wikang Hapon sa iba't-ibang lugar na ang mga International Associations at mga boluntaryo nang mga munisipalidad sa loob ng Prepektura ng Gifu ang nangangasiwa. Ang Gifu International Center ay panibagong binuksan ang "Site ng Suporta ng Gifu sa Pag-aaral ng Wikang Hapon!" Isang website na inipon ang mga impormasyon ukol sa mga silid-aralan ng wikang Hapon.

Sa "Site ng Suporta ng Gifu sa Pag-aaral ng Wikang Hapon", ay maaaring maghanap ng silid-aralan ng wikang Hapon sa lugar kung saan ka nakatira, araw, oras, level at iba pa na nababagay sa sarili. Sa mga gustong magturo ng wikang Hapon naman ay masusulyapan ang mga silid-aralan na naghahanap nang mga boluntaryong guro, kapag pinindot ang silid-aralan (kyoshitsu).

Nangangalap ng: guro / boluntaryo

Para sa mga tagasuporta sa pag-aaral ng wikang Hapon

At saka sa page para sa mga tagapagtaguyod ng pag-aaral, ay naka-post ang update paminsan-minsan ng ukol sa notisya ng pagsasanay at iba pa, mga maaaring makatulong na materyales sa loob ng silid-aralan habang nagtuturo.

Mangyaring bisitahin ang site, at alamin kung anong uri ng silid-aralan ng wikang Hapon ang mayroon sa malapit.



Impormasyon para sa mga Banyagang Residente



Ang Pagkakaiba ng Kindergarten at Nursery School

Bago pumasok sa elementarya, sa araw ay karamihan sa mga magulang ay inilalagay sa pangangalaga ng kindergarten (youchien) o nursery school (hoikuen) at iba pa ang anak, tumatanggap ng suporta sa pag-aalaga ng bata sa oras na may trabaho, at para sa pagsibol ng isip at katawan ng bata, maaari na ring makakuha ng kinakailangang edukasyon.

Magkaiba ang batas at namamahalang institusyon sa kindergarten at nursery school, ang mga staff at kagamitan, pang araw-araw na dapat gawin ay nasa panuntunan alinsunod sa kanya-kanyang ipinatutupad na batas.

Bukod sa kindergarten at nursery school ay may mga pasilidad na sertipikadong lugar para sa mga bata (kodomo en) na parehas ang tampok at serbisyo, tipong paalagaan ng bata, may mga maliliit na pasilidad na paalagaan ng bata sa pamayanan, ang mga ginagampanan at mga nilalaman ay bahagyang nagkakaiba, kaya para sa detalyadong nilalaman, mas magandang kumonsulta sa munisipyo kung saan kayo nakatira. Maaaring gamitin ang aming interpreter sa oras na kokonsulta, kaya't mangyaring gamitin ito kung kinakailangan.

Pangunahing pagkakaiba ng kindergarten at nursery school

*Ang nilalamang ito ay bahagyang sinipi mula sa "Aklat ng Suporta sa Paggamit ng Paalagaan at Nursery School" ng aming center.

Ang panahon ng aplikasyon at kung saan magsusumite ay ikumpirma sa inyong munisipyo dahil may pagkakaiba ang bawat munisipalidad, pribado man o publiko.

	Nursery School	Kindergarten
Mula ilang taong gulang hanggang ilang taong gulang makakapasok?	Mula 0 taong gulang hanggang 5 taong gulang (hanggang bago pumasok ng elementarya) *Mula 0 taong gulang hanggang 2 taong gulang ay may pasilidad na paalagaan "Paalagaan ng Bata sa Pamayanan".	Mula 3 taong gulang hanggang 5 taong gulang (hanggang bago pumasok ng elementarya)
Kahit sino ay maaaring gumamit?	Makakapasok kung ang magulang ay nagta trabaho, may sakit o nag-aalaga ng kapamilyang may sakit at iba pa, mga taong ang kalagayan ay hindi makakapag-alaga ng bata.	Makakapasok kahit hindi nagtatrabaho ang magulang.
Oras ng Paggamit	Itutugma sa oras ng magulang, 8-11 oras *May lugar na maaaring padagdagan ang oras (may bayad)	Hanggang lampas tanghali
Panahon ng Aplikasyon *Kung gustong ipasok ng Abril	Mula bandang Oktubre ng taon bago dumating ang Abril ng susunod na taon *Maaaring magsumite ng aplikasyon sa oras na kailangan nang paalagaan (Kung may bakante ay makakapasok)	Mula bandang Hulyo bago dumating ang Abril ng susunod na taon *Sa mga gustong ipasok kahit nasa kalagitnaan na, kumonsulta na lamang sa bawat kindergarten.
Pagsusumitihan ng Aplikasyon	Sa munisipyo kung saan nakatira.	Bawat Kindergarten
Bayarin	Pampubliko man o pribado ay depende sa edad ng bata at sa sahod ng magulang at iba pa ang pagpapasya. *Mula Oktubre ng taong 2019 ang 3-5 taong gulang na mga bata ay libre. May mga limitasyon ang mga kindergarten na hindi sakop at mga pasilidad ng nursery na hindi lisensiyado. Ang pagkain o kaya gamit sa pag-aaral ng bawat isa, pagdiriwang, bayad sa tagahatid-sundong bus ay pasanin nang mga magulang.	Pampubliko man o pribado, ang bawat kindergarten ay may pagkakaiba

Mga ipinag-aalala nang mga dayuhang nanay na may anak na pumapasok sa Nursery School

Sa mga nakaraang taon ay dumarami ang mga naninirahang dayuhan sa Japan na kasama ang pamilya na may inaalagaang anak. Sa loob ng pamumuhay sa Japan ay maraming bagay-bagay ang hindi alam, kung para sa mga Hapon ay natural lamang, bilang isang dayuhan ay nalilito ako minsan habang nagpapalaki nang mga anak. Ito ay tungkol sa aking anak na pumapasok sa nursery school, na kung paano ang pagsusulat sa contact book (renraku cho) sa araw-araw na pakikipag-ugnayan sa guro.

Ang guro ay araw-araw na isinusulat ang kalagayan ng bata sa bawat araw sa loob ng nursery. Malalaman kung masaya sa oras nang pagbabasa dahil may nakalagay na "Ang anak po ninyo ngayon ay ginawa po ang ganito". Sa bahaging iyan ay may kailangang sulatan ang magulang. Pero, nag-aalala dahil hindi alam kung ano ba ang dapat sabihin sa guro. Hindi rin naman ako magaling sa wikang Hapon, paano na lang kung sa araw-araw ay parehas ang isulat...

Nang matukoy ko sa kaibigan kong isa ring dayuhan, napag-alaman ko na "Aaah, hindi lang pala konti ang mga dayuhang nanay na kapareho ko ang mga ipinag-aalala". Sa mga kadahilanang iyan, sa ngayon ay gusto kong iparating mula sa aking mga naranasan ang 3 punto sa oras ng pagsusulat.

1. Tulad ng isang talaarawan sa pag-aalaga ng bata ay isulat ang development ng bata

(Halimbawa)

- Kuwento habang pauwi mula sa nursery school. Ipinaalam na kasamang naglaro ang kaibigan na si ○○ chan.
- Ngayon ay nagawa niyang makakuha ng noodles gamit ang chopstick.
- Nakuha niya nang hubarin ang damit.

2. Sumulat sa oras na hindi makikita ang guro o hindi direktang makakapagsabi

(Halimbawa)

- Mayroong maliit na pinsala sa mga daliri. Mukhang masakit kapag naghuhugas ng kamay sa tubig.
- Tumutulo ang sipon dahil sa malamig na.
- May gamot para sa tanghali, paki-painom pagkatapos kumain.

3. Sumulat kung may ipinag-aalala sa anak

(Halimbawa)

- Kadalasan ay gustong-gusto ng slide(suberidai) subalit kamakailan lamang ay parang takot. Sa nursery school din po ba?
- Kailan at paano po ba hindi na pagamitin ng diaper?
- Mukhang dumating na po ang rebellious period(hankoki). Kahit ano na lang ay "ayaw"po. Ano po ba ang dapat na gawin ko?

Iyan lang pong 3 punto ang gamit ko sa araw-araw habang nasisiyahan ako sa pagbabasa at pagsusulat sa contact book ng aking anak. Sa paglaon nang mga ilang taon ay maaari din pong maging magandang alaala di po ba. Masaya po ako na gagawin ninyo itong sanggunian.

ABISO MULA SA SANGAY NG GIFU NG JAPAN HEALTH INSURANCE ASSOCIATION

Ang Japan Health Insurance Association (Kyokaikenpo) ay ang nangangasiwa sa pangkalusugang seguro (kenko hoken) ng publiko na pangunahing sinasalihan nang mga empleyado at kapamilya ng mga nagtatrabaho sa maliliit at katamtamang kumpanya. Nag-iisyu ng insurance card, nagbibigay ng mga benepisyo sakaling may karamdaman o pinsala.

Kapag Maging Mataas Ang Bayarin Sa Pagpapagamot

~ Sertipiko ng Aplikasyon sa Limitasyon ng Halaga (Gendo-gaku Tekiyo Nintei-sho) ~

May posibilidad na maging mataas ang bayarin sa pagpapagamot kapag naipasok sa hospital.

Kung ilahad ang "insurance card (hokensho)" ang kailangan lang na bayaran ng pasyente ay 30 porsyento ng kabuuang bayarin subalit may kamahalan pa rin.

Gayunpaman kung ilahad ang "Sertipiko ng Aplikasyon sa Limitasyon ng Halaga" sa hospital, kailangan mo lamang bayaran ang specific amount na limitasyon (ittei no gendo-gaku). Hindi mo kinakailangang pasanin ang mataas na kabuuang bayarin sa pagpapagamot.

*Kung hindi umabot sa oras ang pagproseso ng "Sertipiko ng Aplikasyon sa Limitasyon ng Halaga", kung mag-apply ng "Mataas na Bayarin sa Pagpapagamot (Kogaku Iryo-hi)", ang ukol sa lumampas sa dapat lamang na bayaran specific amount na limitasyon na bayarin sa pagpapagamot ay ibabalik.

Sa mga may hawak ng insurance card ng "Kyokaikenpo", mula sa website ay i-download ang application form at i-print, pagkatapos mag fill-up ay ipadala sa pamamagitan ng koreyo sa Sangay ng Prepektura.

Para sa Pakikipag-ugnayan



全国健康保険協会 岐阜支部

協会けんぽ

〒500-8667
Gifu-shi, Hashimoto-cho 2-8
Nohi Nissei Bldg. 14F



Nagbibigay ng impormasyon ukol sa Sistema ng Pangkalusugang Seguro!

Gabay sa 5 wika: Wikang Hapon, Ingles, Portuguese, Intsik, Vietnamese

Maaaring i-download ang application form

<https://www.kyokaikenpo.or.jp/shibu/gifu/>



Kyokai Kenpo Gifu

Maghanap

058-255-5155 (Kinatawan)

Oras ng Tanggapan 8:30~17:15 (Maliban sa Sabado, Linggo, Pista Opisyal, Pagtatapos ng Taon at Bagong Taon)

Aktibo bilang boluntaryo ng kanilang wika!

Panayam sa mga dayuhang residente

Binibining Nguyễn Thị Thanh Xuân



● **Pagpapakilala sa sarili**— Ako po ay si Xuan na taga-Vietnam. Naninirahan po ngayon sa Prepektura ng Gifu.4 na taon na mula ng dumating ako sa Japan, 3 taong nakalipas ay sa Prepektura ng Toyama ako nanirahan at lumipat sa Gifu 1 taon na ang nakakaraan.

● **Anong lugar ba ang iyong bayan?**— Ang pamilya ko ay nakatira sa Ran Don . Nakakahawig sa Gifu na walang dagat. Mula sa bahay hanggang sa Dalat (isang pamusong puntahan sa Vietnam ng mga turista) ay mga 15 minuto gamit ang sasakyan (dadaan ng highway),

kaya kung pansamantalang uwi ng sariling bansa, siguradong lalabas kasama ang pamilya o kaya ang mga kaibigan na mamamasyal at kakain nang masasarap na pagkain.

● **Tungkol sa aktibidad ng pagboboluntaryo**— Para sa akin ako ay uri ng taong nasisiyahan kapag "nakatulong sa ibang tao". At

saka malayo sa sariling bansa at walang kapamilya, sa pamumuhay na hindi pamilyar sa amin para sa akin ay importanteng magtulungan ang bawat isa sa amin. Kaya sa pag-iisip kung ano ang maaari kong magawa sa mga Vietnamese na nasa Japan, sinimulan kong magboluntaryo.

● **Ano ang gusto mong gawin kapag kumalma na ang Covid-19?**— Gusto kong makita ang aking pamilya kaya malamang na umuwi muna ako sa aming bansa pansamantala. At hindi online lang na exchange meeting kundi gusto ko ring makilahok sa exchange meeting na personal ko po kayong makikita. Ipinagdarasal ko po na sana'y matapos na agad ang Covid-19 na ito.



Dalat na puntahan ng mga turista (Ang larawan ay galing kay Xuan)

Binibining KO EISHIN

Bos ng pag-aaring pusa ng kaibigan.♂
Gustong laro ang taguan! (Ang larawan ay galing kay Ko)



● **Pagpapakilala sa sarili**— Ako po si Ko Eishin isang Intsik na nagtapos sa Unibersidad ng Gifu. Sa ngayon ay nasisiyahan akong nagtatrabaho araw-araw sa isang kumpanya na nasa Gifu.

● **Anong lugar ba ang iyong bayan?**— Ang bayan ko ay nasa hilaga ng Tsina na ang tawag sa lugar ay Jilin. Dahil sa kapatagan ang lupa na nasa hilagang-silangan ng Tsina, walang malaking ilog o dagat, konti rin lang ang mataas na bundok. Ang pagpapalit ng panahon ay halos parehas ng Gifu na kapag summer ay mainit at sa winter ay grabe ang snow.

● **Tungkol sa aktibidad ng pagboboluntaryo**— Ngayong taon ay espesyal na taon sa buong mundo, para sa akin lahat ng tao habang kinakabahan ay namumuhay nang hindi maginhawa. Lalo na ang mga dayuhan na hindi alam ang wika, mas lalo ang nararamdamang pag-aalala. Para makatulong sa ibang tao kahit na sa maliit na kakayahan, pumasok ako bilang boluntaryo.

● **Ano ang gusto mong gawin kapag kumalma na ang Covid-19?**— Ang makitang nakangiti dahil sa aking maliit na naiambag na kakayahan sa mga taong nangangailangan ang pinakamasayang aking nararamdaman, kaya ipagpapatuloy ko po ang pagboboluntaryo. Sa pagkalma ng Covid-19, una ay gusto ko munang umuwi sa aming bansa. Gusto kong ipakita sa aking mga magulang na ayos lang ako.

Nais mo bang magtrabaho bilang isang boluntaryo?

Dahil sa kumakalat na impeksyon ng Covid-19, maraming naghahanap kung saan mayroong tanggapan para sa konsultasyon ng self-restraint o kaya ay mga benepisyo, kagay na mapagtatanungan sa oras na biglang sumama ang pakiramdam, at iba pa, lahat nang mga espesyal na hakbang ay kinakailangan sa panahon ngayon. Ang aming center po ay naghahanap nang mga makikipagtulangang boluntaryo para sa oras ng emerhensiya ay makakuha ng impormasyon sa sariling wika, maitaguyod ang isang lipunan na maraming kultura kung saan ang mga tao ay maaaring manirahan nang may kapayapaan ang isip. Sa aming center ay tumatanggap ng kahilingan sa interpreter o kaya ay translator mula sa iba pang pampublikong institusyon, mga international organizations, mga volunteer organizations at iba pa "boluntaryo sa wika", tumatanggap ng translation ukol sa kagay na sitwasyon ng pinsala sa oras ng kalamidad at mga suportang impormasyon at iba pa o kaya ay nagka-conduct ng interpreter sa lugar likasan (hinan basho) "boluntaryo sa wika sa oras ng kalamidad", may iba pa gaya ng "boluntaryo ng suporta sa wikang Hapon" " tagasuporta ng pagtuturo ng wikang Hapon" at iba pa. Inaasahan naming ang inyong kooperasyon. Ang paraan ng pagparehistro ay paki-tingnan na lamang po ang hanay ng "boluntaryo" sa HP ng center.

Para Sa Mga Dayuhang Nakatira Sa Prepektura Ng Gifu Gabay Ukol Sa Pagpapayo Sa Plano Sa Buhay (Online)

- Dahil sa Covid-19 ay nagbawas ang sahod. Buwan-buwan ay kailangang bayaran ang loan sa sasakyan at ang upa sa bahay, ang pautang ng Social Welfare Council ay kailangang ibalik at iba pa. Nag-aalala ako kung maipagpapatuloy ko ba ang pagbabayad sa kasalukuyang halaga ng sahod.
- Ang mga anak ko ay gustong magpatuloy ng pag-aaral sa unibersidad man o paaralang bokasyonal, subalit wala akong mailalabas na pambayad sa gastusin sa paaralan. Wala bang pagpipilian kundi ang mangutang?
- Mula sa sahod ay ibinawas pa ang bayad sa health insurance (kenko hoken ryo) at ang premium ng pension (nenkin hoken ryo) at iba pang mga ibinawas, kaya ang matatanggap na sahod ay konti na lang. Ang mga ibinawas na pera ay ano po ba ang pinaggagamitan? Gusto ko pong malaman ang Sistema ng Japanese Social Security (Nihon No Shakai Hoshō Seido)
- Ang aking anak ay binabalak na pumasok ng Senior High School, nawalan ako ng trabaho. Tumatanggap naman po ako ng benepisyo sa kawalan ng trabaho, kung ibabayad sa gastusin sa pamumuhay at mga gastusin sa paaralan, magkano na lang po kaya ang matitira buwan-buwan?

May mga gaya po ba nito kayong kinakaharap na problema?



Sa impluwensiya nang nakakahawang sakit na Covid-19, may mga nagsara o kaya ay mga nawalan ng trabaho kaya ang pumapasok na kita ay nagbawas at iba pa, ang pang-araw-araw na pamumuhay kung ikukumpara nang mga nakaraan ay maraming tao ang mga nahihirapan sa tingin ko.

Sa pagpapayo po ukol sa plano sa buhay nang aming center, magbibigay payo sa madaling maunawaan ang mga espesyalista sa paghawak ng pera na mga financial planner, gaya na lamang ng ukol sa budget ng sambahayan o kaya ay pang araw-araw na gastusin, gastusin sa edukasyon nang mga anak at iba pa. "Sa ngayon ay nagtatrabaho pa naman, subalit kapag nagkaedad na at hindi na makapagtrabaho ay maging ayos naman kaya ang mga gastusin sa pamumuhay?" at iba pa, sa mga nag-aalala sa pagtanda ay komunsulta lamang.

- Araw at Oras :
ika-3 ng Marso (Miyerkules) ng taong 2021
①10:00 ~10:50 o kaya ay ②11:00 ~ 11:50 kahit alin
- Lugar : online (gagamit ng Zoom)
- Wikang may Interpreter : Portugal, Tagalog, Vietnamese
*Ipaalam lamang sa pagsumite ng aplikasyon kung kailangan ng interpreter.

- Paraan ng Pag-apply:
Ipadala sa pamamagitan ng e-mail ang pangalan, numero ng telepono, pangalan ng munisipalidad na tinitirhan (halimbawa: Kani-shi), nilalaman ng gustong ikonsulta, ninanais na oras (① o kaya ②), ang mga kailangan ng interpreter ay ilagay sa e-mail kung anong wika.
- E-mail address : gic@gic.or.jp
- Deadline ng Aplikasyon :
ika-24 ng Pebrero (Miyerkules) ng taong 2021

*Posibleng nag-apply ka na, kaya't mangyari lamang na makipag-ugnay sa amin ng maaga.

Consultation Center para sa mga Banyagang Residente ng Gifu Prefecture

Huwag mag-atubiling makipag-ugnay sa amin tungkol sa anumang mga problema na may kaugnayan sa inyong pang-araw-araw na buhay (buwis, pabahay, edukasyon, Welfare, atbp.). Susuportahan namin kayo sa paglutas ng inyong mga problema sa pakikipagtulungan sa mga kinauukulang mga pampublikong institusyon. ※Medical Interpreters ay hindi available.

- Office Hours: Lunes hanggang Biyernes 9:30~16:30
※Maliban sa Pagtatapos ng Taon at mga Pista Opisyal
- Numero ng Telepono: 058-263-8066
- Wika: English, Chinese, Portuguese, Tagalog, Vietnamese, Korean, Indonesian, Thai, Khmer (Cambodia), Nepali, Myanmar, Spain, Malay at Mongolian

Mayroon din kaming "face-to-face" na konsultasyon sa wikang English, Chinese, Portuguese, Tagalog, at Vietnamese. Kung nais kumunsulta, mangyaring pumunta sa Gifu International Center. Para sa ibang mga wika, konsultasyon ay sa telepono lamang.

COVID-19 INFORMATION

Kumunsulta sa Doktor!

Kung nilalagat... inuubo...
parang nahawahan ng COVID-19...
Huwag mag self-medicate sa bahay.
Magpatingin sa doktor o sa pinaka malapit na pagamutan.

- ◇ Bago pumunta, tumawag muna kayo sa klinika.
- ◇ Kung kakailanganin, magagawa ang swab test sa klinika.

Kung hindi alam ang dapat gawin, tumawag sa...
COVID-19 Consultation Center sa Wikang Banyaga
TEL 058-263-8066

Gifu Prefecture • Consultation Center para sa mga Banyagang Residente ng Prepektura ng Gifu

Inilathala ng **Gifu International Center (GIC)**

Gifu Chunichi Bldg., 2F,
1-12 Yanagase Dori, Gifu City, 500-8875
☎ 058-214-7700 FAX 058-263-8067
E-mail gic@gic.or.jp URL <https://www.gic.or.jp>
Araw at Oras na Bukas: Linggo hanggang Biyernes, 9:30~18:00
Araw na Sarado: Sabado Piyesta Opisyal at katapusan ng Taon
Wika: English, Chinese, Portuguese, Tagalog at Vietnamese

Petsa ng Isyu **2021 Pebrero 1**
(3 beses sa 1 taon ang isyu Hulyo, Nobyembre at Pebrero)

